AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 1 - 2
### Aralin 28

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang galugarin ang kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong* ***"Sampu Pataas, Sampu Pababa" na isinulat ni Russell Molina.*** *Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 1 - 2 - Aralin 28** |
|---|
| Book Title: Sampu Pataas, Sampu Pababa |
| Author: Russell Molina |
| Source: Adarna House / Buribooks |

Magandang araw! Kumusta na tayong lahat ngayon? Ako si Teacher Hams 👩🏻🏫 para sa Reading lesson natin! 💜📚 Ang babasahin nating ngayong araw ay ang istoryang pinamagatang "Sampu Pataas, Sampu Pababa" ni Ginoong Russell Molina. 👨🏻💼

🙏🏽 **PANGAKO PARA SA ARALING ITO**
Bago tayo magsimula, ipangako natin sa isa't isang ating:

(1) Dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng storya 📣
(2) Dadamdamin at sisikaping intindihin ang kwento at, 🤓
(3) Hindi matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽

Pangako 'yan kada kwento natin, ha? ☺

💬 **TALASALITAAN**

Para mas maintindihan nang husto ang kwento, tingnan muna natin ang iilang mga salita sa ibabang makikita natin sa kwento; baka hindi pamilyar ang mga ito sa atin! Maaari rin magtanong sa ating nakatatanda kung ano ang ibig sabihin ng mga 'to kung kailangan ng karagdagang paliwanag! 🤔

(1) **Nagsisirko** - umiikot
(2) **Wasiwas** - wagayway
(3) **Magpapahinga** - hihinto

Kayang-kaya 'to! Tara, simula na tayo!
--

📚 **SAMPU PATAAS, SAMPU PABABA NI RUSSEL MOLINA**

*Bigkasin natin ang kada-linya* 📣

• Madalas ko siyang sunduin sa bahay. "Mak-Mak, anak," ang tawag sa kaniya ng kaniyang Nanay, "nandito na ang kaibigan mo." Sabay kaming naglalakad papuntang eskuwelahan. Sabay kaming tumatawid. Sabay kaming umiiwas sa nagmamadaling mga sasakyan. 👦🚶‍♂️🚸🚗

• "Sampu pataas 🔟⬆, sampu pababa. 🔟⬇" Kabisado ng aking kaibigan ang bilang ng baitang ng hagdan papuntang klasrum. "Kung hahakbang ka nang tigalawa," ang tanong niya sa akin minsan, "ilang hakbang ang kailangan para marating mo ang ibaba?" Napakamot tuloy ako ng ulo at nagkunwaring nag-isip. "Marami siguro," 'yun lang ang nasabi ko. 🤷‍♂

• Kakaiba si Mak-Mak. Sa utak niya'y puro numero ang nagsisirko. Bilang na bilang niya ang bawat hakbang kahit saan man siya mapunta. 👦🟫🔢

• "Kung maglalakad ka mula bahay hanggang plasa (53 hakbang), mula plasa hanggang palengke (176 na hakbang), at mula palengke hanggang simbahan (34 na hakbang)," ang tanong niya, "makakailang hakbang ka?" Mabilis ang sagot ko, "Marami siguro!" 🤷‍♂

• Minsan, may narinig siyang huni ng mga ibon. "Kunwari'y may 18,765 ibon ang biglang humarang sa ating dinaraanan at pinaalis mo ang 9,738," sabi niya, ang ngiti'y hanggang tainga, "ilang ibon ang matitira?" "Wala!" ang hiyaw ko. "Pag pinaalis mo ang isa ay siguradong magsusunuran ang lahat." Ang lakas ng kaniyang tawa. 🤷‍♂

• Di ko alam kung saan nakukuha ni Mak-Mak ang pambihirang talento niya. Marahil ay dahil sa patpat na lagi niyang dala. Parang patpat ng mahikero, pero mas mahaba ito. "Siguro may madyik 'yang patpat mo," ang biro ko sa kaniya dati. Sa bawat wasiwas ay tila nagmimilagro. ✨

• “Kung makalalakad tayo ng 32 kilometro sa 4 na araw,” sabi niya, hawak ang kaniyang patpat at tila nagsusulat sa hangin, “ilang kilometro ang dapat nating malakad sa 1 araw?” Bakit hindi na lang tayo magdyip, naisip ko tuloy. Di ba mas mabilis ‘yun? 🤷🏽‍♂

• Di pa man ako nakasasagot ay may susunod na siyang tanong, “kung maglalakad tayo ng 9 ½ oras at magpapahinga kada 30 minuto, ilang beses tayo magpapahinga?” “Tama!” ang sabi ko sa kaniya. “Kailangan na nating magpahinga at nagiging gulaman na ang utak ko.” 🤦🏽‍♂

• Maraming tanong ang aking kaibigan. Maraming numero ang lumilipad-lipad sa hangin, mga numero na siya lang ang nakakikita. Minsan, habang naghihintay kami ng masasakyan, pinaikot-ikot niya ang kaniyang patpat. “Kunwari’y may 120 elepante ang biglang dumaan sa harap natin at 30 rito ay puti, ilang porsiyento ang puting elepante?” Dati rati’y ibon lang ang kaniyang nakikita.

• Maraming nakikita si Mak-Mak na hindi ko nakikita. Kung minsa’y nakalilimutan ko ngang bulag siya. “Lagi mong sabayan si Mak-Mak, ha?” ang pakiusap ng nanay niya sa ‘kin. “Sabay kayong maglakad, sabay kayong tumawid, sabay kayong umiwas sa mga nagmamadaling sasakyan.” 👩🏽👦🏽👦🏽

• Isang araw, pinuntahan ako ni Mak-Mak sa aking bahay. “Nalipat ng trabaho si Tatay sa ibang probinsiya,” ang bungad niya, “at kasama ang buong pamilya. Bukas na ang alis namin.” 👦🏽💬👦🏽

• “Gaano kalayo ang lilipatan ni’yo?” tanong ko. “Ilang hakbang mula rito?” Matagal siyang nag-isip at tinapik-tapik ang patpat sa sahig. “Marami siguro!” sigaw niya, sabay tawa nang napakalakas. “Huwag kang mag-alala, pag nalaman ko ang sagot ay ikukuwento ko sa ‘yo.” 👦🏽💬👦🏽💬

• Paminsan-minsa’y binibisita pa rin ako ni Mak-Mak. Sabay kaming umiiwas sa mga elepanteng biglang dumaraan sa aming harap. Sabay na nakikilipad sa mga ibon. At sabay na umaakyat ng hagdan papuntang eskuwelahan. Ngayon, kahit nakapikit ako’y kabisado ko ang bilang ng baitang: sampu pataas, sampu pababa. 🔟⬆ 🔟⬇

--

At natapos natin ang istorya! 🤩

Apir! 🙏

✏️ **GAWAIN**
Para sa ating gawain, balikan natin ang kwento.

🔎 Sa simula, nabanggit ang palayaw ng isa sa ating mga bida 👦🏽. Naaalala mo ba?

Tama! 🤗 Mak-Mak 👦🏽 ang palayaw ng isa sa ating mga bida. Ikaw, anong nickname o palayaw mo? 🤔

🔎 Ilan ang bilang ng mga baitang ng hagdan papuntang klasrum nila Mak-Mak?

Magaling! 🤗 Sampu pataas 🔟⬆️, sampu pababa 🔟⬇️ ang bilang ng mga baitang ng hagdan papuntang klasrum ni Mak-Mak. Ikaw ba, marunong ka na bang magbilang? Hanggang anong numero ang kaya mong bilangin? 🤔

🔎 Sa huli, nabanggit kung bakit puro numero ang nagsisirko sa utak ni Mak-Mak. Natatandaan mo pa ba ang dahilan? 👦🏽🔢

Mahusay! 🤗 Dahil siya'y bulag 🚶‍♂️ at kailangan niyang bilangin ang bawat hakbang na kanyang tatahakin upang makarating sa pupuntahan. Kung ikaw ang kaibigan ni Mak-Mak, kakaibiganin at tutulungan mo din ba siya? Bakit? 🤔

✔️🙏🏽 **PAGTATAPOS**
Bago matapos ang ating aralin, isang aktibiti ang aking ipagagawa sa iyo. Iguhit si Mak-Mak at ang kanyang kaibigan. Ilarawan sila at ang kanilang pagkakaibigan gamit ang apat hanggang limang pangungusap. ✍🏽📝

Ano man ang iyong malikha, huwag mo sanang kalimutan na hindi hadlang ang kapansanan 🙅🏽‍♀️ 👦🚶‍♂️ o kakulangan ng isang tao upang makipagkaibigan sa kanila. Ang lahat ng tao ay ginawang kawangis ng Diyos. Ituring natin sila bilang kapatid - mahalin at igalang. Tulungan natin sila lalo na sa oras na sila'y mangailangan ng tulong. 🤝🏽

May parte ba ng aralin ang nahirapan kayo? O may gusto ba kayong ibahaging mga kasagutan sa grupo natin? Magmensahe lang kayo sa grupo, o maaari rin imensahe si Teacher. ❤️

-
This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.